

MGA SUSING PANGUNGUSAP PARA SA 2024 THANKSGIVING BLENDING CONERENCE

**Bagama't ang paksa ng 1 at 2 Pedro ay ang pamahalaan ng Diyos,
kailangan nating makita na ang lahat ng bagay hinggil sa pamahalaan ng Diyos
ay dapat magbalik sa atin sa sentrong tuon
at pangunahing estruktura ng mga Liham na ito—
ang Tres-unong Diyos bilang ating ganap na katamasahan
upang isagawa ang ekonomiya ng Diyos.**

**Ang kahalagahan ng mga sulatin ni Pedro ay yaong
pinagsasama niya ang buhay-Kristiyano at pamahalaan ng Diyos,
inihahayag na ang buhay-Kristiyano at ang pamahalaan ng Diyos
ay magkasama bilang isang pares.**

**“Ang Diyos ng lahat ng biyaya”—na tumawag sa mga mananampalataya
tungo sa Kanyang walang hanggang kaluwalhatian—
ang nagpapasakdal, nagpapatatag, nagpapalakas, at nagpapatibay sa kanila
sa pamamagitan ng kanilang mga pagdurusa;
ang “lahat ng biyaya” na ito ay ang “tunay na biyaya ng Diyos,”
kung saan dapat pumasok ang mga mananampalataya at kung saan sila tumatayo.**

**Bilang mga mananampalataya sa loob ni Kristo,
maaari tayong maging pagpaparami ni Kristo bilang ating modelo,
at mararanasan at matatamasa natin si Kristo bilang Pastol ng ating mga kaluluwa.**

**Balangkas ng mga Mensahe
para sa Thanksgiving Blending Conference
Nobyembre 28—Disyembre 1, 2024**

**PANGKALAHATANG PAKSA:
PAMUMUHAY NG ISANG BUHAY-KRISTIYANO AT BUHAY-EKKLESIA
SA ILALIM NG PAMAHALAAN NG DIYOS PARA SA EKONOMIYA NG DIYOS**

Mensahe Isa

Ang Pamahalaan ng Diyos para sa Ekonomiya ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: 1 Ped. 1:2-3, 5, 10-12, 20; 2:1-5, 9; 3:4; 4:14; 5:10;
2 Ped. 1:4; 3:13, 18

I. Ang paksa ng mga Liham ni Pedro ay ang pamahalaan ng Diyos kasama ang Kanyang paghahatol:

- A. Ang paghahatol ng Diyos ay nagsimula sa mga anghel (2 Ped. 2:3-4) at dumaan sa mga henerasyon ng tao sa Lumang Tipan (bb. 5-9) .
- B. Sa Bagong Tipang kapanahunan, ito ay nagsisimula sa bahay ng Diyos (1 Ped. 1:17; 2:23; 4:6, 17) at nagpapatuloy hanggang sa pagdating ng araw ng Panginoon (2 Ped. 3:10), na magiging araw ng paghahatol sa mga Hudyo, mga mananampalataya, at mga Hentil bago ang milenyum (b. 12).
- C. Pagkatapos ng milenyum lahat ng patay, kabilang ang mga tao at mga demonyo, ay hahatulan at mapapahamak (1 Ped. 4:5; 2 Ped. 3:7), at ang kalangitan at lupa ay tutupukin ng apoy (bb. 10b, 12) .
- D. Ang mga resulta ng iba't ibang paghahatol ay hindi pare-pareho; ang ilang paghahatol ay nagreresulta sa isang pandisiplinang pagtutuos, ang ilan sa isang pampanahunang kaparusahan, at ang ilan sa walang hanggang kapahamakan—2:1, talababa 5, punto 2.
- E. Gayunpaman, lilinisin at dadalisayin ng Panginoong Diyos sa pamamagitan ng lahat ng paghahatol na ito ang buong sansinukob upang magkaroon Siya ng isang bagong langit at isang bagong lupa para sa isang bagong sansinukob na puspos ng Kanyang katuwiran (3:13) para sa Kanyang kaluguran.
- F. Makikita rin ang pampamahalaang paghahatol ng Diyos sa aklat ng Daniel:
 1. Dahil ang “puso ni Nebukadnezar ay nagmataas, at ang kanyang espiritu ay naging napakapalalo na iginawi niya ang kanyang sarili sa pagmamalaki, siya’y pinatalsik mula sa kanyang trono ng pagkahari, at ang kanyang kaluwalhatian ay inalis sa kanya” (5:20); Sinabi ng Diyos na ang kanyang kaharian ay titiyaking sa kanya pagkatapos niyang “maalaman na ang kalangitan ang namumuno” (4:26; 5:21).
 2. Bagama’t nalalaman ng kanyang inapo na si Belshasar ang lahat ng ito, ang kanyang paglalasing sa harap ng Diyos ay isang insulto sa kabanalan ng Diyos, at sinabi sa kanya ni Daniel na “ang Diyos na may hawak sa iyong hininga at sa Kanya ang lahat mong mga lakad, ay hindi mo niluwalhati” (bb. 22-23); kaya, ang kanyang kaharian ay “hinati at ibinigay sa mga taga-Media at taga-Persia” (b. 28).
- G. Kaya, sinasabi sa atin ni Pedro na dapat “gugulin ninyo ang panahon ng inyong pakikipamayan sa pagkatakot” (1 Ped. 1:17); sinasabi rin niya na kailangan tayong “maipakumbaba sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Diyos upang kayo ay Kanyang itaas sa takdang panahon” (5:6); ang maging laang mapababa ng kamay ng Diyos na nagpapababa sa atin sa Kanyang pagdisiplina ay isang paunang kahilingan sa ating pagiging itinaas ng nagtataas na kamay ng Diyos at sa ating pagtatamasa sa

Tres-unong Diyos Mismo bilang ating panustos-buhay, na dumarami sa mapagpakumbabang mananampalataya (b. 5; 1:2; 4:10).

- H. Ang matakot sa Panginoon ay ang igalang Siya at isaalang-alang at kilalanin Siya sa lahat ng bagay, hindang-hindi kinaliligtaan na Siya ang kahanga-hangang Diyos na lumikha sa atin (Isa. 43:7); ang pagkatakot sa Panginoon ay pumipigil sa ating gumawa ng kasamaan; sinasanhi rin tayo nito na mahipo ng mga pagdurusa ng iba at magpakita ng awa at habag tungo sa kanila.

II. Bagama't ang paksa ng 1 at 2 Pedro ay ang pamahalaan ng Diyos, hindi ito ang sentrong tuon at pangunahing estruktura ng mga Liham na ito; lahat ng bagay hinggil sa pamahalaan ng Diyos ay dapat magbalik sa atin sa sentrong tuon at pangunahing estruktura ng mga Liham na ito—ang Tres-unong Diyos bilang ating ganap na katamasahan upang isagawa ang ekonomiya ng Diyos:

- A. Ang sentrong tuon at pangunahing estruktura ng 1 at 2 Pedro ay ang nagbibigay-enerhiyang Tres-unong Diyos na gumagawa sa Kanyang ekonomiya upang dalhin ang Kanyang mga pinili tungo sa ganap na pagtatamasa sa Tres-unong Diyos; ang ating pantaong espiritu, bilang nakatagong tao ng puso, at ang Espiritu ng Diyos, bilang Espiritu ng kaluwalhatian at bilang Espiritu ni Kristo, ay ang kaparaanan upang makabahagi tayo sa Diyos, sa Kanyang dibinong kalikasan, bilang ating bahagi—1 Ped. 1:2-3, 5, 11; 2:1-3, 5, 9; 3:4; 4:14; 5:10; 2 Ped. 1:4.
- B. Ang sentrong tuon at pangunahing estruktura ng 1 at 2 Pedro ay ang Tres-unong Diyos na gumagawa upang isakatuparan ang Kanyang kumpletong pagliligtas nang sa gayon ay maisilang na muli tayo, nang sa gayon ay makakain tayo sa Kanyang salita, at nang sa gayon ay lumago, matransporma, at maitayo tayo upang Siya ay magkaroon ng pinaninirahang lugar at tayo ay maluwalhati upang ihayag Siya—1 Ped. 1:23; 2:1-5, 9.
- C. Matapang si Pedro sa pag-amin na ang mga unang apostol, gaya nina Juan, Pablo, at kanyang sarili (bagama't ang kanilang estilo, terminolohiya, pananalita, ilang aspekto ng kanilang pananaw, at ang paraan ng paglalahad nila ng kanilang mga pagtuturo ay magkakaiba), ay nakilahok sa pareho, namumukod-tanging ministeryo, ang ministeryo ng Bagong Tipan—2 Ped. 1:12-21; 3:2, 15-16; 2 Cor. 3:6, 8-9; 4:1.
- D. Inihahain ng gayong ministeryo sa mga tao, bilang tuon nito, ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos, na, pagkatapos dumaan sa mga proseso ng pagkakatawang-tao, pantaong pamumuhay, pagkapako sa krus, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa langit, ay namamahagi ng Kanyang sarili sa pamamagitan ng pagtutubos ni Kristo at sa pamamagitan ng paggawa ng Espiritu Santo sa Kanyang mga tinubos na tao bilang kanilang namumukod-tanging bahagi ng buhay at bilang kanilang panustos-buhay at lahat-lahat, para sa pagtatayo ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo, na mapasusukdol sa ganap na kahayagan, sa kapuspusan, ng Tres-unong Diyos, ayon sa walang hanggang layunin ng Ama—Gawa 2:36; 3:13, 15; 10:36; 1 Ped. 1:2-3, 18-19, 23; 2:2-5, 7, 9, 25; 3:7; 4:10, 17; 5:2, 4, 10; 2 Ped. 1:2-4; 3:18.

III. Sa kanyang dalawang Liham, na binubuo lamang ng walong kapitulo, tinatalakay ni Pedro ang buong ekonomiya ng Diyos, mula sa walang hanggang nakalipas bago ang pagtatatag ng sanlibutan (1 Ped. 1:2, 20) hanggang sa bagong langit at bagong lupa sa walang hanggang hinaharap (2 Ped. 3:13); inihahayag niya ang mahahalagang bagay na may kaugnayan sa ekonomiya ng Diyos, na hinggil sa mga bagay ito ay

ipinropesiya ng mga propeta at ipinangaral ng mga apostol (1 Ped. 1:10-12) mula sa apat na panig:

A. Mula sa panig ng Tres-unong Diyos:

1. Pumili ng mga tao ang Diyos Ama sa kawalang-hanggan ayon sa Kanyang paunang kaalaman (bb. 1-2; 2:9) at tinawag sila tungo sa Kanyang kaluwalhatian (2 Ped. 1:3).
2. Si Kristo, na nakilala ng Diyos noong una pa bago ang pagtatatag ng sanlibutan ngunit nahayag sa mga huling panahon (1 Ped. 1:20), ang nagtubos at nagligtas sa piniling bayan ng Diyos (bb. 18-19, 2) sa pamamagitan ng Kanyang humahaliling kamatayan (2:24; 3:18) sa pamamagitan ng Kanyang pagkabuhay na muli sa buhay at pag-akyat sa langit sa kapangyarihan (1:3; 3:21-22).
3. Ang Espiritu, na isinugo mula sa langit, ang nagpabanal at nagpadalisay sa mga tinubos at iniligtas ni Kristo (1:2, 12, 22; 4:14)—pinananabikang mamasdan ng mga anghel ang mga bagay na ito (1:12).
4. Pinagkalooban ng dibinong kapangyarihan ng Tres-unong Diyos ang mga tinubos ng lahat ng bagay na may kaugnayan sa buhay at pagkamakadiyos (2 Ped. 1:3-4) upang bantayan sila tungo sa ganap na kaligtasan (1 Ped. 1:5).
5. Dinidisciplina rin sila ng Diyos (5:6) sa pamamagitan ng ilan sa Kanyang iba't ibang pampamahalaang paghahatol (1:17; 2:23; 4:5-6, 17; 2 Ped. 2:3-4, 9; 3:7), at Kanyang pasasakdalín, itatatag, palalakasin, at pagtitibayin sila sa pamamagitan ng lahat Niyang biyaya (1 Ped. 5:10).
6. Ang Panginoon ay nagtitiis tungo sa kanila upang silang lahat ay magkaroon ng pagkakataong magsisi tungo sa ikaliligtas—2 Ped. 3:9, 15.
7. Pagkatapos, si Kristo ay magpapakita sa kaluwalhatian na may ganap Niyang pagliligtas para sa Kanyang mga mangingibig—1 Ped. 1:5, 7-9, 13; 4:13; 5:4.

B. Mula sa panig ng mga mananampalataya:

1. Ang mga mananampalataya, bilang pag-aari ng Diyos, ay pinili ng Diyos (1:2; 2:9), tinawag ng Kanyang kaluwalhatian at kagalingan (b. 9; 3:9; 2 Ped. 1:3, 10), tinubos ni Kristo (1 Ped. 1:18-19), isinilang na muli ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang buhay na salita (bb. 3, 23), at iniligtas sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli ni Kristo (3:21).
2. Sila ngayon ay binabantayan ng kapangyarihan ng Diyos (1:5), pinadadalísay upang ibigin ang isa't isa (b. 22), pinalalago sa pamamagitan ng pagkain sa gatas ng salita (2:2), pinaunlad sa buhay ang mga espirital na kagalingan (2 Ped. 1:5-8), at tinatransporma at itinatayo upang maging isang espirital na bahay, isang banal na kasaserdotehan upang maglingkod sa Diyos (1 Ped. 2:4-5, 9).
3. Sila ang piniling lahi, maharlikang kasaserdotehan, banal na bansa, at natatanging bayan ng Diyos para sa Kanyang pribadong pag-aari upang ihayag ang Kanyang mga kagalingan—b. 9.
4. Sila ay dinidisciplina sa pamamagitan ng Kanyang pampamahalaang paghahatol (1:17; 2:19-21; 3:9, 14, 17; 4:6, 12-19; 5:6, 9), namumuhay ng isang banal na buhay sa isang ekselenteng paraan at sa pagkamakadiyos upang luwalhatiin Siya (1:15; 2:12; 3:1-2), naghahain bilang mabubuting katiwala ng Kanyang iba't ibang biyaya para sa pagluwalhati sa Kanya sa pamamagitan ni Kristo (4:10-11)—sa ilalim ng huwarang pagpapastol ng mga matanda (5:1-4)—at nag-aasam at pinabibilis ang pagdating ng Panginoon (1:13; 2 Ped. 3:12) upang masaganang matustusan ng isang pagpasok tungo sa walang hanggang kaharian ng Panginoon (1:11).

5. Karagdagan pa, nag-aasam sila sa bagong langit at bagong lupa, kung saan ang katuwiran ay naninirahan, sa kawalang-hanggan (3:13), at patuloy silang lumalago sa biyaya at pagkakilala sa ating Panginoon at Tagapagligtas na Hesu-Kristo.
- C. Mula sa panig ni Satanas—si Satanas ay ang katunggali ng mga mananampalataya, ang diyablo, na gaya ng isang leong umuungal ay gumagala, naghahanap ng masisila—1 Ped. 5:8.
- D. Mula sa panig ng sansinukob:
 1. Ang mga natisod na anghel ay kinondena at naghihintay ng walang hanggang paghahatol (2 Ped. 2:4); ang sinaunang di-makadiyos na sanlibutan ay nilipol ng baha (b. 5; 3:6); ang mga di-makadiyos na lunsod ay ginawang abo (2:6); ang mga huwad na guro at heretikal na manunuya sa apostasiya at ang sangkatauhan sa kanyang masamang pamumuhay ay hahatulang lahat sa ikapupuksa (bb. 1, 3, 9-10, 12; 3:3-4, 7; 1 Ped. 4:5); ang langit at ang lupa ay matutupok (2 Ped. 3:7, 10-11); at ang lahat ng patay na tao at ang mga demonyo ay hahatulan (1 Ped. 4:5).
 2. Pagkatapos ay darating ang bagong langit at bagong lupa bilang isang bagong sansinukob, kung saan ang katuwiran ng Diyos ay maninirahan sa kawalang-hanggan—2 Ped. 3:13; cf. Isa. 1:26.

Pamumuhay ng isang Buhay-Kristiyano sa ilalim ng Pamahalaan ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: 1 Ped. 1:17; 2:21-24; 4:17-19; 5:6

I. Ang mga Liham ng 1 at 2 Pedro ay ukol sa pansansinukob na pamahalaan ng Diyos:

- A. Ang paksa ng 1 Pedro ay ang buhay-Kristiyano sa ilalim ng pamahalaan ng Diyos, ipinakikita sa atin ang pamahalaan ng Diyos lalo na ang Kanyang pagtutuos sa Kanyang piniling bayan—1:2.
- B. Ang paksa ng 2 Pedro ay ang dibinong probisyon at ang dibinong pamahalaan, ipinakikita sa atin na habang pinamamahalaan tayo ng Diyos, tinutustusan Niya tayo ng anumang kailangan natin—1:1-4; 3:13.
- C. Namamahala ang Diyos sa pamamagitan ng paghahatol; ang paghahatol ng Diyos ay para sa pagsasagawa ng Kanyang pamahalaan—1 Ped. 1:17; 4:17:
 - 1. Dahil ang 1 at 2 Pedro ay may kinalaman sa pamahalaan ng Diyos, sa mga Liham na ito ang paghahatol ng Diyos at ng Panginoon ay paulit-ulit na tinukoy na isa sa mahahalagang aytem—1 Ped. 2:23; 4:5-6, 17; 2 Ped. 2:3-4, 9; 3:7.
 - 2. Sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng paghahatol, lilinisin ng Panginoong Diyos ang buong sansinukob at dadalisayin ito nang sa gayon ay magkaroon Siya ng isang bagong langit at isang bagong lupa para sa isang bagong sansinukob na puspos ng Kanyang katuwiran para sa kanyang kaluguran—b. 13.
- D. Ang paghahatol sa 1 Pedro 1:17, na isinasagawa ng Ama, ay hindi ang paghahatol sa hinaharap kundi ang kasalukuyan, pang-araw-araw na paghahatol ng pampamahalaang pagtutuos ng Diyos sa Kanyang mga anak:
 - 1. Isinilang na muli tayo ng Ama upang ibunga ang isang banal na pamilya—isang banal na Ama na may mga banal na anak—bb. 3, 15, 17.
 - 2. Bilang mga banal na anak, dapat tayong lumakad sa isang banal na paraan ng pamumuhay (bb. 15-16); kung hindi, ang Diyos Ama sa Kanyang pamahalaan ay magiging Hukom at tutuosin ang ating pagiging di-banal (4:15-17; Heb. 12:9-10).
- E. Ang pandisiplinang paghahatol sa pamahalaan ng Diyos ay nagsisimula sa bahay ng Diyos—1 Ped. 4:17:
 - 1. Hinahatulan ng Diyos ang lahat ng bagay na hindi tumutugma sa Kanyang pamahalaan; kaya, sa kapanahunang ito tayo, ang mga anak ng Diyos, ay nasa ilalim ng pang-araw-araw na paghahatol ng Diyos—1:17.
 - 2. Gumagamit ang Diyos ng mga nag-aapoy na pagsubok upang tuosin ang mga mananampalataya sa paghahatol ng Kanyang pampamahalaang pangangasiwa, na nagsisimula sa Kanyang sariling bahay—4:12, 17.
 - 3. Ang layunin ng paghahatol na ito ay yaong mamumuhay tayo ayon sa Diyos sa loob ng espiritu—b. 6.

II. Ang kahalagahan ng mga sulatin ni Pedro ay yaong pinagsasama niya ang buhay-Kristiyano at ang pamahalaan ng Diyos, inihahayag na ang buhay-Kristiyano at ang pamahalaan ng Diyos ay magkasama bilang isang pares—1 Ped. 1:17; 2:21, 24; 3:15; 4:17; 5:5-8:

- A. Ang Tres-unong Diyos ay dumaan sa isang mahabang proseso sa loob ni Kristo at naging Espiritung nagbibigay-buhay upang manirahan sa loob natin; ito ay para sa ating buhay-Kristiyano—Juan 1:14; 14:17; 1 Cor. 15:45b; 6:17.

- B. Kasabay nito, ang Tres-unong Diyos pa rin ang Lumalang ng sansinukob at ang Pinuno nito—1 Ped. 4:19.
- C. Bagama't ipinanganak tayo ng Diyos upang magkaroon ng espiritwal na buhay at upang maging isang bagong nilikha, tayo ay nasa lumang nilikha pa rin—Juan 1:12-13; 3:3, 5-6; 2 Cor. 5:17:
 - 1. Sa kadahilanang ito, kailangan natin ang mga pampamahalaang pagtutuos ng Diyos—1 Ped. 1:17.
 - 2. Upang ang buhay-Kristiyano ay lumago, kailangan natin ng pagdidisiplina ng pamahalaan ng Diyos—2:2; 4:17; 2 Ped. 1:5-7.

III. Nang ang Panginoong Hesus ay nasa lupa, namuhay Siya ng isang pantaong buhay na lubusang nasa ilalim ng pamahalaan ng Diyos, at ipinagkatiwala Niya ang lahat ng bagay na may kaugnayan sa Kanya sa pamahalaan ng Diyos—Juan 6:38; 1 Ped. 2:21-23:

- A. Patuloy na ipinagkatiwala ng Panginoon ang lahat ng pang-iinsulto at pananakit sa Kanya na humahatol nang matuwid sa Kanyang pamahalaan, ang matuwid na Diyos, kung kanino Niya ipinasailalim ang Kanyang sarili; inilagay Niya ang Kanyang tiwala sa matuwid na Isang ito, kinikilala ang Kanyang pamahalaan—b. 23.
- B. Nang pinayuhan ng Diyos si Kristo bilang isang tao, ang mga panloob na bahagi ni Kristo ay kaisa ng Diyos at tinagubilinan Siya sa pamamagitan ng Kanyang pakikipag-ugnayan sa Diyos —Awit 16:7; Isa. 50:4.

IV. Bilang mga mananampalataya sa loob ni Kristo at mga anak ng Diyos, dapat tayong mamuhay ng isang buhay-Kristiyanong nasa ilalim ng pamahalaan ng Diyos—Juan 3:15; 1:12-13; 1 Ped. 4:13-19; 5:6-8:

- A. Inihahayag ng mga Liham ni Pedro ang Kristo na nagbibigay-kakayahan sa ating tanggapin ang pampamahalaang pagtutuos ng Diyos na ibinibigay ng mga pagdurusang—1 Ped. 1:6-8; 2:3-4, 19, 21-25; 3:18, 22; 4:1, 15-16; 5:8-9.
- B. Dapat nating gugulin ang panahon ng ating pakikipamayan sa banal na pagkatakot, yaon ay, sa isang malusog, seryosong pag-iingat na magbibigay-daan sa atin na maging banal sa lahat ng ating paraan ng pamumuhay —1:15, 17.
- C. Dapat tayong maipakumbaba sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Diyos, na nagsasagawa ng pamahalaan ng Diyos—5:6:
 - 1. Sa bersikulo 6 ang *makapangyarihang kamay ng Diyos* ay tumutukoy sa nangangasiwang kamay ng Diyos na makikita lalo na sa Kanyang paghahatol—1:17; 4:17.
 - 2. Ang maipakumbaba sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Diyos ay magawa ng Diyos na mapagpakumbaba; gayunpaman, kailangan tayong makipagtulungan sa paggawa ng Diyos at maging laang maipakumbaba, maibaba, sa ilalim ng Kanyang makapangyarihang kamay—5:6.
- D. Dapat nating ipagkatiwala ang ating mga kaluluwa sa tapat na Lumalang—4:19:
 - 1. Kayang ipreserba ng Diyos ang ating kaluluwa, at ang Kanyang mapagmahal at tapat na pangangalaga ay kasama ng Kanyang katarungan sa loob ng Kanyang pampamahalaang pangangasiwa.
 - 2. Habang hinahatulan tayo ng Diyos sa Kanyang pamahalaan, pinangangalagaan Niya tayo nang tapat sa loob ng Kanyang pag-ibig; habang pinagdurusahan natin ang Kanyang pandisiplinang paghahatol, dapat nating ipagkatiwala ang ating mga kaluluwa sa tapat na pangangalaga ng ating Lumalang—Mat. 10:28; 11:28-29.

- E. Sa kamatayan ni Kristo ay namatay na tayo sa ating mga kasalanan nang sa gayon sa pagkabuhay na muli ni Kristo ay mabuhay tayo sa katuwiran sa ilalim ng pamahalaan ng Diyos—1 Ped. 2:24:
1. Ang pamahalaan ng Diyos ay nakatatag sa katuwiran (Awit 89:14a); bilang bayan ng Diyos na namumuhay sa ilalim ng Kanyang pamahalaan, kailangan tayong mabuhay ng isang matuwid na buhay .
 2. Ang pahayag na *mabuhay sa katuwiran* ay kaugnay sa pagtupad sa mga pampamahalaang kahingian ng Diyos—1 Ped. 2:24:
 - a. Tayo ay naligtas nang sa gayon ay mabuhay tayo nang matuwid sa ilalim ng pamahalaan ng Diyos, yaon ay, sa paraang tumutugma sa matutuwid na kahingian ng Kanyang pamahalaan.
 - b. Sa kamatayan ni Kristo ay naihiwalay tayo sa mga kasalanan, at sa Kanyang pagkabuhay na muli ay binigyang-buhay tayo upang sa ating buhay-Kristiyano ay kusang-kusa tayong mabuhay sa katuwiran sa ilalim ng pamahalaan ng Diyos—Roma 6:8, 10-11, 18; Efe. 2:6; Juan 14:19; 2 Tim. 2:11.

Buhay at Pagtatayo sa mga Liham ni Pedro

Babasahin sa Kasulatan: 1 Ped. 1:8; 2:1-5, 9; 2 Ped. 1:3-4

I. Ang sentrong kaisipan ng mga liham ni Pedro at ng buong Kasulatan ay buhay at pagtatayo—1 Ped. 1:23; 2:2-5; 2 Ped. 1:3-4:

- A. Ang buhay ay ang Tres-unong Diyos na naisakatawan kay Kristo at naisarealidad bilang ang Espiritu na namamahagi ng Kanyang sarili tungo sa atin para sa ating katamasahan, at ang patatayo ay ang ekklesia, ang Katawan ni Kristo, ang espiritwal na bahay ng Diyos, bilang paglaki at paglawak ng Diyos para sa sama-samang kahayagan ng Diyos—Gen. 2:8-9, 22; Mat. 16:18; Col. 2:19; Efe. 4:16.
- B. Si Kristo bilang binhi ng buhay ay ang kapangyarihan ng buhay sa loob natin na nagkalooob sa atin ng lahat ng bagay na may kaugnayan sa buhay at pagkamakadiyos para sa pagtatayo ng ekklesia bilang mayamang labis ng buhay at kahayagan ng buhay sa pamamagitan ng paglago at pag-unlad ng buhay—2 Ped. 1:3-4; cf. Gawa 3:15; *Mga Himno*, #203, saknong 4.

II. Ang gol ng Diyos ay ang magkaroon ng isang espiritwal na bahay na naitayo gamit ang mga batong buháy—1 Ped. 2:5:

- A. Bilang buhay sa atin, si Kristo ang di-nabubulok na binhi; para sa pagtatayo ng Diyos, Siya ang batong buháy—1:23; 2:4.
- B. Sa pagbabagong-loob ni Pedro, binigyan siya ng Panginoon ng isang bagong pangalan, Pedro—isang bato (Juan 1:42); nang matanggap ni Pedro ang pahayag hinggil kay Kristo, higit pang inihayag ng Panginoon na Siya ang bato—isang bato (Mat. 16:18); sa pamamagitan ng dalawang insidenteng ito ay natanggap ni Pedro ang impresyon na kapwa si Kristo at ang Kanyang mga mananampalataya ay mga batong buháy para sa pagtatayo ng Diyos (1 Ped. 2:4-8; Gawa 4:20; Isa. 28:16; Zac. 4:7).
- C. Tayo, ang mga mananampalataya sa loob ni Kristo, ay mga batong buháy bilang pagpaparami ni Kristo sa pamamagitan ng pagkasilang na muli at transpormasyon; nilikha tayo mula sa luwad (Roma 9:21), subalit sa pagkasilang na muli ay natanggap natin ang binhi ng dibinong buhay, na sa pamamagitan ng paglago nito sa atin ay natatransporma tayo tungo sa pagiging mga batong buháy (1 Ped. 2:5).

III. Yamang ang pagtatayo ng Diyos ay buháy, ito ay lumalago; ang aktuwal na pagtatayo ng ekklesia bilang bahay ng Diyos ay sa pamamagitan ng paglago sa buhay ng mga mananampalataya—Efe. 2:21:

- A. Upang lumago sa buhay para sa pagtatayo ng Diyos, kailangan nating ibigin ang Panginoon, bigyan-pansin ang ating espiritu, at bantayan ang ating puso nang buong sikap upang manatili sa landas ng buhay—1 Ped. 1:8; 2:2, 5; 3:4, 15; Kaw. 4:18-23; Deut. 10:12; Marc. 12:30.
- B. Kung ninanais natin na hindi mahadlangan ang buhay ni Kristo sa atin, kailangan nating maranasan ang pagbabasag ng krus, ang pumapatay na kamatayan ni Kristo sa loob ng nagpapaloob ng lahat na Espiritu ni Kristo bilang Espiritu ng kaluwalhatian, upang ang mga sumusunod na hadlang na nasa loob natin ay matuos at maalis—1 Ped. 1:11; 4:14; Awit. 139:23-24:
 - 1. Ang pagiging isang Kristiyano ay nangangahulugang hindi pagkuha ng anuman maliban kay Kristo bilang ating layunin; ang hadlang dito ay ang hindi pagkaalam sa landas ng buhay at hindi pagkuha kay Kristo bilang ating buhay—Mat. 7:13-14; Fil. 3:8-14; Col. 3:4; Roma 8:28-29.

2. Ang ikalawang hadlang ay pagkukunwari; ang espiritwalidad ng isang tao ay hindi natutukoy sa panlabas na anyo kundi sa kung paano niya pinahahalagahan si Kristo—Mat. 6:1-6; 15:7-8; Juan 5:44; 12:42-43; cf. Jos. 7:21.
 3. Ang ikatlong hadlang ay ang pagrerebelde; maaaring napakaaktibo at napakasigasig natin sa paggawa ng mga bagay ngunit ikinukulang at sinusuwat pa rin ang buhay na Kristo sa loob natin sa pamamagitan ng pagwawalang-bahala sa Kanya—Lev. 14:9, 14-18; 11:1-2, 46-47; Roma 16:17; 1 Cor. 15:33.
 4. Ang ikaapat na hadlang ay ang ating mga natural na kakayahan; kung mananatiling hindi nabasag ang mga natural na kakayahan na ito sa loob natin, magiging suliranin ang mga ito sa buhay ni Kristo—2:14-15; 3:12, 16-17; Jud. 19; cf. Lev. 10:1-2.
- C. Upang lumago sa buhay para sa pagtatayo ng Diyos, kailangan nating alisin ang “lahat ng masamang hangarin at lahat ng pandaraya at pagkukunwari at mga inggitan at lahat ng paninirang-puri”—1 Ped. 2:1.
- D. Upang lumago sa buhay para sa pagtatayo ng Diyos, kailangan nating mapakain ng walang dayang gatas ng salita ng Diyos—b. 2:
1. Ang walang dayang gatas ay naihatid sa pamamagitan ng salita ng Diyos upang pakainin ang ating panloob na tao sa pamamagitan ng pang-unawa ng ating rasyonal na kaisipan at inaasimila ng ating mga pang-isip na pakultad—Rom. 8:6; cf. Deut. 11:18.
 2. Bagama’t ang nagpapakaing gatas ng salita ay para sa kaluluwa sa pamamagitan ng kaisipan, sa kalaunan ay pinakakain nito ang espiritu, ginagawa tayong hindi makakaluluwa kundi espiritwal, angkop para sa pagiging naitayo bilang isang espiritwal na bahay ng Diyos—cf. 1 Cor. 2:15.
 3. Upang matamasa ang gatas ng salita, upang matikman ang Diyos sa Kanyang kabutihan sa salita, kailangan nating tanggapin ang Kanyang salita sa pamamagitan ng lahat ng panalangin at pagnilay-nilayan ang Kanyang salita—1 Ped. 2:3; Efe. 6:17-18; Awit. 119:15, 23, 48, 78, 99, 148:
 - a. Ang pagnilay-nilayan ang salita ay ang tikman at tamasahin ito sa pamamagitan ng maingat na pagsasaalang-alang—1 Ped. 2:2-3; Awit. 119:103.
 - b. Ang panalangin, pakikipag-usap sa sarili, at pagpupuri sa Panginoon ay maaari ding isama sa pagnilay-nilay sa salita; ang pagnilay-nilayan ang salita ay ang “nguyain,” ang tanggapin ang salita ng Diyos sa pamamagitan ng maraming muling pagsasaalang-alang—Lev. 11:3.
 4. Sa pamamagitan ng pagkain kay Kristo bilang nagpapakaing gatas sa salita, tayo ay lumalago tungo sa ganap na kaligtasan, tungo sa paggulang sa pamamagitan ng transpormasyon para sa pagluluwalhati; ang kaligtasan sa 1 Pedro 2:2 ay isang bagay ng transpormasyon para sa pagtatayo ng Diyos.
 5. Tinatamasa natin ang “gatas-Kristo” upang mapakain tayo nang sa gayon tayo ay matransporma Niya bilang ang “bato-Kristo” at maitayo bilang ang “Katawan-Kristo,” bilang ang espiritwal na bahay ng Diyos tungo sa isang banal na kasaserdotehan—bb. 2-4; 1 Cor. 12:12-13.

IV. Ang banal na kasaserdotehan, ang nagkoordinang lupon ng mga saserdote, ay ang naitayong espiritwal na bahay; nagnanais ang Diyos ng isang espiritwal na bahay bilang Kanyang tirahan at isang lupon ng mga saserdote, isang sama-samang kasaserdotehan, para sa paglilingkod sa Kanya—1 Ped. 2:5; Exo. 19:5-6:

- A. Tayo ay “isang piniling lahi, isang maharlikang kasaserdotehan, isang banal na bansa, isang bayang natamo upang maging isang pag-aari” (1 Ped. 2:9)—tumutukoy ang

piniling lahi sa ating pagiging inapo ng Diyos; ang *maharlikang kasaserdotehan*, sa ating paglilingkod sa Diyos; ang *banal na bansa*, sa ating pagiging isang komunidad para sa Diyos; ang *bayang natamo upang maging isang pag-aari*, sa ating kahalagahan sa Diyos.

- B. Ang ating sama-samang pansaserdoteng paglilingkod ay upang maipahayag bilang ebanghelyo ang mga kagalingan ng Isa na tumawag sa atin mula sa kadiliman tungo sa Kanyang kagila-gilalas na liwanag (b. 9) nang sa gayon tayo ay “maghandog ng mga espiritwal na haing katanggap-tanggap sa Diyos sa pamamagitan ni Hesu-Kristo” (b. 5b); ang mga espiritwal na haing ito ay:
1. Si Kristo bilang realidad ng lahat ng hain ng mga Lumang Tipang sagisag, gaya ng handog na sinusunog, handog na pagkaing butil, handog pangkapayapaan, handog pangkasalanan, at handog para sa pagkakasala—Lev. 1—5.
 2. Ang mga makasalanang naligtas sa pamamagitan ng pagpapahayag natin ng ebanghelyo, inihandog bilang mga sangkap ni Kristo—Roma 15:16.
 3. Ang ating katawan, ating mga papuri, at ang mga bagay na ginagawa natin para sa Diyos—12:1; Heb. 13:15-16; Fil. 4:18.
- C. Ang lahat ng ating pansaserdoteng paglilingkod sa Panginoon ay dapat nagmumula sa Kanya bilang “Diyos na sumusukat” at hindi nagmumula sa ating sarili; ang lahat ng ating pansaserdoteng paglilingkod ay dapat na naaayon sa Kanyang pangunguna at Kanyang paglilimita, habang pinahihintulutan natin ang Kanyang kamatayan na gumawa sa atin, upang ang Kanyang pagkabuhay na muling buhay ay maipamahagi sa pamamagitan natin tungo sa iba—2 Cor. 10:13; Juan 12:24; 21:15-22; 2 Sam. 7:18, 25, 27; Luc. 1:37-38; *Mga Himno*, #907.

Mensahe Apat

**Pagiging Pagpaparami ni Kristo
at**

Pagdaranas kay Kristo bilang Pastol ng Ating mga Kaluluwa

Babasahin sa Kasulatan: 1 Ped. 2:21-23, 25; Mat. 11:28-30; Fil. 1:27; 2:2

I. Bilang mga mananampalataya sa loob ni Kristo, maaari tayong maging pagpaparami ni Kristo bilang ating modelo—1 Ped. 2:21:

- A. Ang pamumuhay ng Panginoong Hesus sa ilalim ng pamahalaan ng Diyos ay isang modelo upang makasunod tayo sa Kanyang mga yapak sa pamamagitan ng pagiging Kanyang pagpaparami—bb. 21-23; Efe. 4:20-21.
- B. Ang salitang Griyego para sa *model* sa 1 Pedro 2:21 ay tumutukoy sa isang orihinal na kopya na ginagamit sa pagtuturo ng sulatin—isang kopyahan, isang kopyang pang-ilalim, para gamitin ng mga mag-aaral sa pagbakat ng mga titik habang pinag-aaralan nilang iguhit ang mga ito:
 1. Inilagay ng Panginoong Hesus ang Kanyang buhay sa harapan natin bilang isang kopyang pang-ilalim upang kopyahin natin sa pamamagitan ng pagbakat at pagsunod sa Kanyang mga yapak—Mat. 11:28-30.
 2. Hindi intensiyon ng Diyos na sikapin nating gayahin si Kristo sa pamamagitan ng ating sariling pagpupunyagi; ang kailangan natin ay hindi panggagaya kundi pagpaparami—Roma 8:29; 2 Cor. 3:18.
- C. Kailangan nating maging pagpaparami ni Kristo, mga kopya ni Kristo, sa pamamagitan ng isang prosesong kinapapalooban ng kayamanan ng dibinong buhay; kapag natapos ang prosesong ito, tayo ay magiging pagpaparami ni Kristo—Juan 3:15; Efe. 3:8.
- D. Maaaring gamitin ang paggawa ng mga xerox na kopya upang ilarawan kung ano ang ibig sabihin ni Pedro sa pagiging modelo ni Kristo sa atin.
- E. Upang maging pagpaparami ni Kristo bilang ating modelo, kailangan nating maranasan si Kristo bilang ang Isa na nabubuhay sa loob natin, naihubog sa atin, at gumagawa ng Kanyang tahanan sa ating mga puso—Gal. 2:20; 4:19; Efe. 3:16-17a:
 1. Inihahayag ng Bagong Tipan na si Kristo ay may malalim na kaugnayan sa ating panloob na katauhan—Gal. 1:16; Col. 3:10-11.
 2. Ang malahanging Kristo—si Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay—ay nabubuhay sa loob natin—1 Cor. 15:45b; Gal. 2:20:
 - a. Ang ekonomiya ng Diyos ay yaong ang “ako” ay maipako sa kamatayan ni Kristo at yaong si Kristo ay mabuhay sa loob natin sa Kanyang pagkabuhay na muli—Juan 14:19.
 - b. Tayo ay kaisang espiritu ng Panginoon, tayo ay kaisang buhay Niya, at dapat tayo ngayong maging kaisang persona Niya—1 Cor. 6:17; Col. 3:4; Fil. 1:21a.
 - c. Yamang si Kristo ay naninirahan sa loob natin bilang Espiritu, kailangan natin Siyang hayaang mabuhay sa loob natin—Juan 14:16-19; Gal. 2:20.
 3. Ang maihubog si Kristo sa loob natin ay ang ganap na lumago si Kristo sa loob natin—4:19:
 - a. Ipinanganak si Kristo tungo sa atin nang panahong tayo ay nagsisi at sumampalataya sa Kanya, pagkatapos Siya ay nabubuhay sa loob natin sa ating buhay-Kristiyano, at sa katapus-tapusan, maihubog Siya sa loob natin sa ating paggulang—Juan 1:12-13; 3:15; Gal. 2:20; 4:19.

- b. Ang maihubog si Kristo sa loob natin ay ang hayaan ang nagpapaloob ng lahat na Espiritu na okupahan ang bawat bahagi ng ating panloob na katauhan, ang ganap na lumago si Kristo sa loob natin—Col. 2:19; Efe. 4:15-16.
- c. Ang maihubog si Kristo sa loob natin ay nagpapahiwatig na tayo ay organikong nabubuoan ni Kristo—Col. 3:10-11.
- d. Ang maihubog sa Galacia 4:19 ay tumutugma sa larawan na nasa 2 Corinto 3:18; si Kristo ay maihubog sa loob natin upang maihayag natin Siya sa Kanyang larawan.
- 4. Ang Kristo na nabubuhay sa loob natin at naihubog sa loob natin ay gumagawa ng Kanyang tahanan sa ating mga puso—Efe. 3:16-17a.
- 5. Habang nabubuhay si Kristo sa loob natin, naihubog sa loob natin, at gumagawa ng Kanyang tahanan sa ating mga puso, tayo ay nagiging pagpaparami ni Kristo para sa sama-samang kahayagan ng Diyos—Roma 8:29; 12:4-5; Apoc. 21:2.

II. Habang tayo ay nagiging pagpaparami ni Kristo, mararanasan at matatamasa natin si Kristo bilang Pastol ng ating mga kaluluwa—1 Ped. 2:25; Mat. 11:28-30; Fil. 1:27; 2:2:

- A. Bilang Pastol ng ating mga kaluluwa, pinangangasiwaan ng malahanging Kristo ang ating panloob na kalagayan, pinangangalagaan ang sitwasyon ng ating panloob na katauhan:
 - 1. Pangunahing pinangangalagaan ng organikong pagpapastol ni Kristo ang ating kaluluwa—Awit 23:3.
 - 2. Pinapastol tayo ni Kristo sa pamamagitan ng pangangalaga sa kapakanan ng ating kaluluwa at sa pamamagitan ng Kanyang pangangasiwa sa kalagayan ng ating panloob na katauhan—cf. Heb. 13:17.
 - 3. Ang ganitong uri ng pagpapastol ay isang panloob, intrinsiko, organikong pag-aaliw.
- B. Dahil ang ating kaluluwa ay napakakomplikado, kailangan natin si Kristo, na siyang Espiritung nagbibigay-buhay sa loob ng ating espiritu, upang pastulin tayo sa ating kaluluwa, upang pangalagaan ang ating kaisipan, damdamin, at pagpapasya at ating mga suliranin, mga pangangailangan, at mga sugat—Juan 14:16-17; 1 Cor. 15:45b; 6:17:
 - 1. Bilang ating malahanging Pastol, pinangangalagaan tayo ni Kristo mula sa loob ng ating espiritu.
 - 2. Ang Kanyang pagpapastol ay nagsisimula sa ating espiritu at lumalaganap sa bawat bahagi ng ating kaluluwa.
 - 3. Mula sa ating espiritu ay inaabot ni Kristo ang lahat ng bahagi ng ating kaluluwa at pinangangalagaan tayo sa isang magiliw, organiko, nagpapaloob ng lahat na paraan.
- C. Bilang Pastol ng ating mga kaluluwa, pinanunumbalik ni Kristo ang ating kaluluwa—Awit 23:3a:
 - 1. Ang mapanumbalik ang ating kaluluwa ay nangangahulugang tayo ay napananauli.
 - 2. Ang pagpapanumbalik ng ating kaluluwa ay kinapapalooban din ng pagpapabago at pagtatransporma—Roma 12:2; 2 Cor. 3:18.
- D. Bilang Pastol ng ating mga kaluluwa, binibigyan ng kapahingahan ng Panginoon ang ating kaluluwa—Mat. 11:28-30:
 - 1. Tinatawag ng Panginoon ang mga nagsusumikap na tuparin ang kautusan o nagpupunyaging maging matagumpay sa anumang gawain na lumapit sa Kanya para sa kapahingahan—b. 28.

2. Ang kapahingahang ito ay tumutukoy hindi lamang sa pagiging napalaya mula sa pagpapagal at pasanin sa ilalim ng kautusan o relihiyon o sa ilalim ng anumang gawain o responsabilidad bagkus gayundin sa sakdal na kapayapaan at lubos na kasiyahan.
 3. Ang pasanin ang pamatok ng Panginoon ay ang kunin ang kalooban ng Ama—12:50.
 4. Namuhay ang Panginoon ng gayong buhay, napilit at pinahahalagahan ang kalooban ng Kanyang Ama (Juan 4:34; 5:30; 6:38); Siya ay lubusang nasiyahan sa kalooban ng Ama at nagkaroon kapahingahan sa Kanyang puso.
 5. Ang kapahingahang nasusumpungan natin sa pagpasan sa pamatok ng Panginoon at pagkatuto mula sa Kanya ay isang panloob na kapahingahan, isang kapahingahan para sa ating mga kaluluwa—Mat. 11:29-30.
- E. Habang pinapastol ng Panginoon ang ating kaluluwa at pinanunumbalik ang ating kaluluwa, hindi lamang natin nararanasan si Kristo bagkus natatamasa rin Siya—Fil. 2:2; 3:1a:
1. Ang karanasan kay Kristo ay isang bagay na pangunahing nasa ating espiritu, subalit ang pagtatamasa kay Kristo ay nasa ating kaluluwa—1:27; 2:2.
 2. Kung may suliranin sa ating kaluluwa, maaaring mayroon tayong karanasan kay Kristo nang walang pagtatamasa kay Kristo.
 3. Patungkol kay Kristo, ang ating panlasa ay pangunahing sa ating kaluluwa; ito ang dahilan kung bakit upang magkaroon ng pagtatamasa kay Kristo, kailangan natin ang Panginoon na pastulin ang bawat bahagi ng ating kaluluwa, lalo na ang ating kaisipan.

Ang Biyaya sa mga Liham ni Pedro

Babasahin sa Kasulatan: 1 Ped. 1:2b, 10, 13; 2:19-20; 3:7; 4:10; 5:5, 10, 12;

2 Ped. 1:2; 3:18

- I. Ang biyaya ay si Kristo Mismo bilang ating katamasahan—ang biyaya ay ang nabuhay na muling Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay na malayang ibinibigay ang Kanyang sarili sa atin, bilang lahat-lahat sa atin, at ginagawa ang lahat ng bagay sa atin, sa pamamagitan natin, at para sa atin—Juan 1:14, 16-17; Isa. 55:1; 2 Cor. 1:8-9, 12; Gal. 2:20; cf. 1 Cor. 15:10.**
- II. Ang pagdami ng biyaya ay ang biyaya na dumarami sa ating pang-araw-araw na buhay sa lubos na pagkakilala sa Diyos at kay Hesus na ating Panginoon; ang biyaya ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay mayaman, dumarami, at nananagana—1 Ped. 1:2b; 2 Ped. 1:2; Juan 1:16; Efe. 1:6-8; 2:7; Roma 5:17, 21; 1 Tim. 1:14; Apoc. 22:21:**
 - A. Dumarami ang biyaya sa atin sa pamamagitan ng ating mga pagdurusa, mga limitasyon, at mga kahinaan; ang biyaya ay si Kristo bilang ating tagapagpasan ng kabigatan; mas marami tayong kabigatan, mas marami tayong pagkakataong maranasan si Kristo bilang biyaya—2 Cor. 12:7-9; cf. 1:12, 15.
 - B. Ang pagtatamasa sa Panginoon bilang biyaya ay nasa mga umiibig sa Kanya—Efe. 6:24; Juan 21:15-17; 1 Ped. 1:8.
 - C. Ang pagtatamasa sa Panginoon bilang biyaya kalakip ang Kanyang dibinong kalikasan ay sa pamamagitan ng ating pagtanggap at pananahan sa salita ng Kanyang biyaya, na kinapapalooban ng lahat ng Kanyang mahalaga at napakadakilang mga pangako—Gawa 20:32; 2 Ped. 1:4; Efe. 6:17-18.
- III. Ang mga propeta sa Lumang Tipan ay nagpropesiya hinggil sa biyayang darating sa atin—1 Ped. 1:10:**
 - A. Ginawang malinaw ng Espiritu ni Kristo sa mga Lumang Tipang propeta ang hinggil sa pagdating ni Kristo bilang biyaya sa atin sa pamamagitan ng Kanyang pagkakatawang-tao, Kanyang mga pagdurusa sa Kanyang pantaong pamumuhay at pagkapako sa krus, at Kanyang mga kaluwalhatian sa Kanyang pagkabuhay na muli, pag-akyat sa langit, ikalawang pagdating, at paghahari para sa aplikasyon ng kumpletong pagliligtas ng Diyos sa atin—bb. 5, 9-10; cf. Awit 22; Isa. 53; Dan. 9:26.
 - B. Bagama't ang Espiritu ni Kristo ay pampanahunang nabuoan sa pamamagitan at ng kamatayan at pagkabuhay na muli ni Kristo sa panahon ng Bagong Tipan (Juan 7:39; Roma 8:9-11), ang pangsyon ng Espiritu ay walang hanggan, sapagkat Siya ang walang hanggang Espiritu (Heb. 9:14).
 - C. Ang Espiritu ni Kristo, sa Kanyang walang hanggang pangsyon, ay nasa mga Lumang Tipang propeta, ginagawa silang malinaw hinggil sa pagdating ni Kristo sa mga Bagong Tipang mananampalataya upang maging sumasapat sa lahat at di-nalilimitahang biyaya ng ganap na pagliligtas ng Diyos sa kanila para sa kanilang pagpasok tungo sa kagalakan ng Panginoon sa panahon ng kaharian, na siyang kaligtasan ng kanilang mga kaluluwa—Juan 1:17; Heb. 10:29b; 1 Ped. 1:9; Mat. 25:21, 23.
 - D. Iniaaplay ng Espiritu ni Kristo ang ganap na pagliligtas ng Diyos bilang biyaya sa atin sa pamamagitan ng dalawang kaparaanan: ang pagpopropesiya ng mga Lumang Tipang propeta at ang pangangaral ng mga Bagong Tipang apostol—1 Ped. 1:10-12; cf. Apoc. 2:7a

IV. Ang biyaya kung saan inilagak nang lubusan ng mga mananampalataya ang kanilang pag-asa ay dadalhin sa mga mananampalataya sa paghahayag kay Hesu-Kristo—1 Ped. 1:13:

- A. Ang biyayang dadalhin sa atin sa paghahayag kay Hesu-Kristo ay tumutukoy sa kaligtasan ng kaluluwa bilang kasukdulan ng ganap na pagliligtas ng Diyos—bb. 5, 9-10:
 - 1. Ang biyayang ibinigay sa atin sa loob ni Kristo ay ipinagkaloob sa atin bago pa nagsimula ang sanlibutan—2 Tim. 1:9; Tito 2:11.
 - 2. Ang Diyos, na nasa pasimula, ay naging laman sa loob ng panahon bilang biyaya upang tanggapin angkinin, at tamasahin ng tao—Juan 1:1, 14, 16-17.
 - 3. Ang naprosesong Tres-unong Diyos, na napasukdol bilang ang nagpapaloob ng lahat, nagbibigay-buhay, at naninirahan sa loob na Espiritu, ay naging Espiritu ng biyaya sa ating espiritu—1 Cor. 15:45b; 2 Cor. 3:17; Heb. 10:29; Gal. 6:18; Fil. 4:23.
- B. Araw kada araw ay dapat tayong maging mga bukás na sisidlan upang maging mga tuloy-tuloy na tagatanggap ng biyaya at ilagak ang ating pag-asa nang ganap at lubusan sa biyayang ito—Roma 5:17; 1 Ped. 1:13.

V. Ang biyaya sa Diyos sa 1 Pedro 2:19-20 ay tumutukoy sa paggaganyak ng dibinong buhay sa loob natin at sa kahayagan nito sa ating pamumuhay, na sa ating paggawi ay nagiging mabiyaya at katanggap-tanggap sa mga mata kapwa ng tao at ng Diyos:

- A. Ang biyaya bilang ang naprosesong Tres-unong Diyos para sa ating katamasahan ay nagiging ating panloob na paggaganyak at panlabas na kahayagan sa ating matalik na pakikipagsalamuha sa Diyos at ating kamalayan sa Diyos; kailangan nating lahat na matutuhan kung paano magkaroon ng biyaya, yaon ay kunin ang biyaya, angkinin ang biyaya, gamitin ang biyaya, at iaplay ang biyaya—Heb. 12:28.
- B. Ang naprosesong Tres-unong Diyos bilang biyaya na tinanggap at tinamasa natin ay nagiging hayag na nakikita upang makita ng iba sa ating banal na pamumuhay at mga pagpupulong ng ekklesia—Gawa 11:23.
- C. Tinawag tayo upang tamasahin at ihayag si Kristo bilang biyaya sa gitna ng mga pagdurusa nang sa gayon ay maging pagpaparami tayo, isang xerox na kopya, ni Kristo bilang ating modelo, ayon sa Kanyang Diyos-taong pamumuhay—1 Ped. 2:20-21.

VI. Ang biyaya ng buhay ay ang mana ng lahat ng mananampalataya, malakas man o mahina—3:7:

- A. Ang biyaya ng buhay ay ang Diyos bilang buhay at panustos-buhay sa atin sa Kanyang Dibinong Trinidad—ang Ama bilang pinagmumulan ng buhay, ang Anak bilang daluyan ng buhay, at ang Espiritu bilang pagdaloy ng buhay, na dumadaloy sa loob natin, kasama ang Anak at ang Ama, bilang biyaya sa atin—Juan 7:38-39; Apoc. 22:1.
- B. Tayo ay mga tagapagmana upang manahin ang biyaya ng buhay at mga sisidlan upang ilaman ang biyaya ng buhay—1 Ped. 3:7; Efe. 1:14; 2 Cor. 4:7.

VII. Ang iba't ibang biyaya ng Diyos ay nagpapahiwatig ng kayamanan ng biyaya ng Diyos sa iba't ibang uri nito na inihahain ng mga banal sa isa't isa—1 Ped. 4:10:

- A. Ang iba't ibang biyaya ng Diyos ay ang mayamang panustos ng buhay, na siyang Tres-unong Diyos na inihain tungo sa atin sa maraming aspekto—2 Cor. 13:14; 12:9.
- B. Kailangan tayong maging mabubuting katiwala ng iba't ibang biyaya ng Diyos, nagsasalita ng mga salita ng biyaya bilang mga orakulo ng Diyos at naghahain mula sa kalakasan at kapangyarihan ng biyaya, na itinatustos ng Diyos—1 Ped. 4:10-11; Luc. 4:22; Efe. 3:2; 4:29.

VIII. Ang Diyos ay nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba samantalang sinasalangsang Niya ang mga palalo—1 Ped. 5:5:

- A. Sa buhay-eklesia, kailangan nating lahat na bigkisan ang ating sarili ng kapakumbabaan patungo sa isa't isa nang sa gayon ay matamasa natin ang Diyos bilang Tagapagbigay ng biyaya—cf. Juan 13:3-5.
 - B. Inililigtas tayo ng kapakumbabaan mula sa lahat ng uri ng pagkasira at nag-aanyaya ng biyaya ng Diyos, samantalang ginagawa tayong pinakamangmang ng kapalaluan—Sant. 4:6; Awit 138:6; Kaw. 29:23.
 - C. Kailangan tayong maging laang maipakumbaba, gawing mababa, sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Diyos sa Kanyang pagdidisiplina at ipaubaya sa Diyos ang ating buhay kalakip ang mga alalahanin nito, sapagkat mapagmahal at tapat Niya tayong pinangangalagaan—1 Ped. 5:5-7; cf. Awit 55:22.
- IX. “Ang Diyos ng lahat ng biyaya”—na tumawag sa mga mananampalataya tungo sa Kanyang walang hanggang kaluwalhatian—ang nagpapasakdal, nagpapatatag, nagpapalakas, at nagpapatibay sa kanila sa pamamagitan ng kanilang mga pagdurusa; ang “lahat ng biyaya” na ito ay ang “tunay na biyaya ng Diyos,” kung saan dapat pumasok ang mga mananampalataya at kung saan sila tumatayo—1 Ped. 5:10, 12.**
- X. Ang tunay na biyaya ng Diyos ay ang biyaya na kung saan, kasama ang pagkakilala sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesu-Kristo, dapat magsilago ang mga mananampalataya tungo sa Kanyang kaluwalhatian kapwa ngayon at hanggang sa araw ng kawalang-hanggan—2 Ped. 3:18:**
- A. Ito ang pangwakas na salita ng mga sulatin ni apostol Pedro, nagpapahiwatig na anuman ang kanyang isinulat ay mula sa, nasa loob, at sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos.
 - B. Ang produkto ng biyaya sa ekonomiya ng Diyos ay ang Katawan ni Kristo bilang tula ng Diyos upang maging Bagong Herusalem bilang kasukdulan ng katuwiran ng Diyos sa bagong langit at bagong lupa—Efe. 2:7-10; 2 Ped. 3:13.
 - C. Ang kayamanan ng biyaya ng Diyos, ang kayamanan ng Diyos Mismo para sa ating katamasahan, ay humihigit sa bawat limitasyon at hayagang ipakikita sa kawalang-hanggan—Efe. 2:7.

Mensahe Anim

**Mga Nakikibahagi sa Dibinong Kalikasan
at ang Pag-unlad ng Dibinong Buhay
at ng Dibinong Kalikasan
para sa Mayamang Pagpasok sa Walang hanggang Kaharian**

Babasahin sa Kasulatan: 2 Pedro. 1:1, 3-11; 3:18

- I. Bilang yaong mga nakatanggap ng magkakasinghalagang pananampalataya, tayo, ang mga mananampalataya sa loob ni Kristo, ay dapat maging mga nakikibahagi sa dibinong kalikasan—2 Ped. 1:4:**
- A. Ang dibinong kalikasan ay tumutukoy sa kung ano ang Diyos, yaon ay, sa kayamanan, sa elemento, at sa pagkakabuo ng pang-esensiyang katangian ng Diyos—Juan 4:24; 1 Juan 1:5; 4:8, 16.
 - B. Ang dibinong buhay at dibinong kalikasan ay hindi mapaghihiwalay; ang dibinong kalikasan ay ang substansiya ng dibinong buhay at nasa loob ng dibinong buhay—1:1-2; 5:11-13.
 - C. Bilang mga anak ng Diyos, tayo ay mga Diyos-tao, ipinanganak ng Diyos, nagtataglay ng buhay at kalikasan ng Diyos, at nabibilang sa espesye ng Diyos—3:1; Juan 1:12-13:
 - 1. Sa ating pagkasilang na muli, isa pang kalikasan ang naipamahagi tungo sa atin; ito ay ang kalikasan ng Diyos, ang dibinong kalikasan—2 Ped. 1:4.
 - 2. Dahil ang dibinong kalikasan ay nasa dibinong buhay, ang dibinong buhay na sa pamamagitan nito ay ipinanganak tayong muli ay may dibinong kalikasan sa loob nito—Juan 3:3, 5-6, 15.
 - 3. Sinumang sumasampalataya tungo sa Anak ng Diyos ay ipinanganak ng Diyos at may karapatang maging anak ng Diyos; sa gayon, ang isang mananampalataya ay may karapatang makibahagi, magtamasa, sa kalikasan ng Diyos—1:12-13.
 - D. Ang isang nakikibahagi sa dibinong kalikasan ay isa na nagtatamasa ng dibinong kalikasan at nakikilahok sa dibinong kalikasan—2 Ped. 1:4:
 - 1. Ang makibahagi sa dibinong kalikasan ay ang tamasahin ang kung ano ang Diyos; ang maging isang nakikibahagi sa dibinong kalikasan ng Diyos ay ang maging isang nakikibahagi sa kayamanan, mga elemento, at mga pagkakabuo ng pang-esensiyang katangian ng Diyos—1 Ped. 1:8.
 - 2. Kung magiging mga nakikibahagi tayo sa dibinong kalikasan, kailangan nating mamuhay sa pamamagitan ng dibinong buhay na kung saan sa loob nito ay naroon ang dibinong kalikasan—Juan 1:4; 10:10; 11:25; 6:57b.
 - E. Natatamasa natin ang kayamanan ng dibinong kalikasan sa pamamagitan ng mahalaga at napakadakilang mga pangako ng Diyos—2 Cor. 12:9; Mat. 28:20b; Efe. 3:20.
 - F. Ang pagiging isang nakikibahagi sa dibinong kalikasan ay may isang kondisyon—yaon ay ang takasan natin ang kabulukan na nasa sanlibutan dahil sa pita; kailangan nating mamuhay sa siklo ng pagtakas at pakikibahagi at ng pakikibahagi at pagtakas—2 Ped. 1:4.
 - G. Kung tinatamasa natin ang Diyos at nakikibahagi sa kayamanan ng Kanyang pang-esensiyang katangian, mabubuoan tayo ng dibinong kalikasan, magiging kagaya ng Diyos sa buhay at kalikasan subalit hindi sa pagka-Diyos at ihahayag Siya sa lahat ng kung ano tayo at ginagawa natin—b. 3.
 - H. Habang nakikibahagi tayo sa dibinong kalikasan, tinatamasa ang lahat ng kung ano ang Diyos, ang kayamanan ng dibinong kalikasan ay lubos na mapauunlad, gaya ng inilarawan sa mga bersikulo 5 hanggang 7.

II. Kailangan nating maranasan ang pag-unlad ng dibinong buhay at ng dibinong kalikasan na nakapaloob sa dibinong binhi na inihasik tungo sa atin nang sa gayon ay magkaroon tayo ng mayamang pagpasok sa walang hanggang kaharian—bb. 1, 4-11:

- A. Pinaglaanan tayo ng kahanga-hangang magkakasinghalagang pananampalataya, at ang pananampalatayang ito ay isang nagpapaloob ng lahat na binhi—b. 1:
 - 1. Lahat ng dibinong kayamanan ay nasa binhing ito, subalit kailangan nating magsikap na paunlarin ang mga ito; ang lumago hanggang sa paggulang ay ang paunlarin ang kung anong mayroon na tayo—bb. 1-8; 3:18.
 - 2. Sa pamamagitan ng pagpapaunlad sa mga kagalingang ito, lumalago tayo sa buhay, at sa kalaunan ay maaabot natin ang paggulang, magiging puspos ng Kristo, at magiging kuwalipikado at nasangkapan upang maging mga hari sa darating na kaharian—Efe. 4:13-15; Col. 2:19; 2 Ped. 1:11.
 - 3. Kailangan nating magkaroon ng ganap na pag-unlad at paggulang mula sa binhi ng pananampalataya, sa pamamagitan ng mga ugat ng kagalingan at kaalaman, ng trongko ng pagpipigil sa sarili, at ng mga sanga ng pagtitiis at pagkamakadiyos, hanggang sa bulaklak at bunga ng pangkapatirang pag-ibig at pag-ibig—bb. 5-7.
- B. Ang magtustos ng kagalingan sa pananampalataya ay ang paunlarin ang kagalingan—ang enerhiya ng dibinong buhay na nagreresulta sa malakas na pagkilos—sa pag-eensayo ng magkakasinghalagang pananampalataya; ang pananampalatayang ito ay kinakailangang maensayo nang sa gayon ay mapaunlad ang kagalingan ng dibinong buhay sa mga susunod na hakbang at maabot ang paggulang—b. 5a.
- C. Kinakailangan ng kagalingan ang masaganang panustos ng pagkakilala sa Diyos at kay Hesus na ating Panginoon; ang kaalamang dapat nating paunlarin sa ating kagalingan ay kinabibilangan ng pagkakilala sa Diyos at sa ating Tagapagligtas, ng pagkaalam sa ekonomiya ng Diyos, ng pagkaalam sa kung ano ang pananampalataya, at ng pagkaalam sa dibinong kapangyarihan, kaluwalhatian, kagalingan, kalikasan, at buhay—b. 5b.
- D. Ang pagpipigil sa sarili ay ang pag-eensayo ng pagkontrol at pagpipigil sa sarili ng isang tao sa mga pagnanasa, mga paghahangad, at mga kinagawian nito; ang gayong pagpipigil sa sarili ay kinakailangang maensayo sa kaalaman para sa wastong paglago sa buhay—b. 6a.
- E. Ang ensayuhin ang pagtitiis ay ang pagbabatá sa iba at sa mga sirkumstansiya—b. 6b.
- F. Ang pagkamakadiyos ay isang pamumuhay na katulad ng Diyos at na naghahayag sa Diyos—b. 6c.
- G. Ang pangkapatirang pag-ibig (*filadelfia*) ay pangkapatirang pagmamahal, isang pag-ibig na nag-aangkin ng katangian ng kasiyahan at kaluguran; sa pagkamakadiyos, na siyang kahayagan ng Diyos, ang pag-ibig na ito ay kailangang maitustos para sa kapatiran, para sa ating patotoo sa sanlibutan, at para sa pamumunga—b. 7a; 1 Ped. 2:17; 3:8; Gal. 6:10; Juan 13:34-35; 15:16-17.
- H. Ang sukdulang pag-unlad ng dibinong kalikasan sa loob natin ay pag-ibig—*agape*, ang salitang Griyegong ginamit sa Bagong Tipan para sa dibinong pag-ibig, na siyang Diyos sa Kanyang kalikasan—2 Ped. 1:7b; 1 Juan 4:8, 16:
 - 1. Ang ating pangkapatirang pag-ibig ay kinakailangang mapaunlad pa tungo sa isang mas marangal at mas mataas na pag-ibig—2 Ped. 1:7b.
 - 2. Sa ating pagtatamasa sa dibinong kalikasan, kailangan nating hayaang ang dibinong binhi ng nakalaang pananampalataya ay umunlad sa kasukdulan nito sa dibino at mas marangal na pag-ibig—bb. 5-7.
 - 3. Kapag nakibahagi tayo sa dibinong kalikasan sa sukdulan, mapupuspos tayo ng Diyos bilang pag-ibig, at magiging mga tao tayo ng pag-ibig, pag-ibig pa nga mismo—Efe. 3:19.

- I. Ang paunlarin ang mga espiritwal na kagalingan sa dibinong buhay at sa gayon ay sumulong sa paglago ng dibinong buhay ay nagpapatatag sa pagkatawag at pagpili sa atin ng Diyos—2 Ped. 1:10.
- J. Dapat tayong maging masigasig na habulin ang paglago at pag-unlad ng dibinong buhay at dibinong kalikasan para sa isang mayamang pagpasok sa walang hanggang kaharian—bb. 10-11:
 - 1. Ang masaganang panustos na ating tinatamasa sa pag-unlad ng dibinong buhay at dibinong kalikasan (bb. 3-7) ay masaganang magtutustos sa atin ng isang mayamang pagpasok sa walang hanggang kaharian ng ating Panginoon.
 - 2. Bibigyang-kakayahan at gagawin tayong kuwalipikado ng panustos na ito na pumasok sa darating na kaharian sa pamamagitan ng lahat ng kayamanan ng dibinong buhay at dibinong kalikasan bilang ating mga ekselenteng kagalingan (enerhiya) tungo sa marilag na kaluwalhatian ng Diyos—b. 3; 1 Ped. 5:10.
 - 3. Tila, tayo ang pumapasok sa walang hanggang kaharian; sa katunayan, ang pagpasok tungo sa walang hanggang kaharian ay masaganang itinatutustos sa atin sa pamamagitan ng ating paglago sa buhay at sa pamamagitan ng pag-unlad ng dibinong buhay sa loob natin.